
2

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 2: Magagalang na Pananalita at Pagbati



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 2: Magagalang na Pananalita at Pagbati**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Cristina T. Fangon |
| **Editor:** | Elena V. Almario, Cita C. Merla, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagaguhit:** | Jeanette H. Payson, Lynzee Monta |
| **Tagalapat:** | Cristina T. Fangon |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Merlinda T. Tablan, Ellen C. Macaraeg, Elena V. Almario |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng** ___________________________

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 8
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 2:
## Magagalang na Pananalita at Pagbati

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makagagamit ng magagalang na pananalita sa angkop na sitwasyon (pagbati, paghingi ng pahintulot, pagtatanong ng lokasyon ng lugar, pakikipag-usap sa matatanda, pagtanggap ng paumanhin, pagtanggap ng tawag sa telepono, pagbibigay ng reaksiyon o komento).

## *Subukin*

Panuto: Piliin ang angkop na magalang na pananalita na dapat gamitin. Isulat ang letra ng tamang sagot.

1. Nagmamadali ka sa pagpasok sa inyong paaralan. Sa iyong pagtakbo ay nabunggo mo at natumba ang isang batang babae. Ano ang iyong sasabihin?

   A. Maraming salamat.

   B. Magandang umaga.

   C. Paalam sa iyo.

   D. Pasensiya na.

2. Kaarawan mo kaya binigyan ka ng regalo ng iyong ate. Ano ang sasabihin mo?
   A. Kumusta po?
   B. Paalam po.
   C. Pasensiya na po.
   D. Salamat po.

3. Magbabakasyon ka kasama ang iyong pinsan. Paalis na kayo, nasa kusina ang iyong nanay at tatay. Ano ang sasabihin mo sa kanila?
   A. Aalis na po kami.
   B. Magandang umaga po.
   C. Pasensiya na po.
   D. Salamat po.

4. Umaga nang makasalubong mo ang iyong guro. Ano ang sasabihin mo?
   A. Magandang umaga po.
   B. Magandang tanghali po.
   C. Magandang hapon po.
   D. Magandang gabi po.

5. Nasalubong mo ang iyong kaibigan. Nagpasalamat siya sa iyong ibinigay na regalo. Gustong-gusto niya ito. Ano ang sasabihin mo?
   A. Mabuti naman.
   B. Magandang umaga.
   C. Maraming salamat.
   D. Walang anuman.

| Aralin 2 | Magagalang na Pananalita at Pagbati |
| --- | --- |

Magandang araw! Alam mo bang kinatutuwaan ng lahat ang batang marunong gumamit ng po at opo? Nais mo bang lalo ka pang kalugdan ng lahat? Alam kong isa kang batang magalang kaya magiging kaaya-aya para sa iyo ang ating aralin.

## *Balikan*

Sa pag-unawa natin sa napakinggan o binasang teksto, natutuhan natin na mahalagang ito ay maiugnay natin sa ating karanasan. Mayroon akong inihandang isang sitwasyon para sa iyo.

Panuto: Basahin ang sitwasyon at isulat ang wastong sagot sa loob ng kahon.

Ikaanim ng gabi nang kayo ay pumunta sa bahay ng iyong lolo at lola. Kaarawan kasi ng iyong lolo kaya napagkasunduan ng pamilya na sabay-sabay kayong maghahapunan sa araw na iyon. Pagdating ninyo sa bahay nila ay agad kang sinalubong ng iyong lolo na nag-aabang sa labas. Ano ang iyong gagawin at sasabihin?

## *Tuklasin*

Likas sa ating mga Pilipino ang pagiging magalang. May mga magagalang na pananalita at pagbati tayong dapat na ginagamit. Halina at iyong basahin ang ilan sa mga iyan mula sa ating kuwento.

### Ang Umaga ni Lena

Akda ni Cristina T. Fangon



Lunes, maagang pumasok sa paaralan si Lena, nasalubong niya ang katiwala ng kanilang paaralan. "Magandang umaga po, Kuya Allan," masayang bati ni Lena.

"Magandang umaga rin naman," nakangiting bati ni Kuya Allan, ang katiwala ng kanilang paaralan.

Oras ng recess, bibili si Lena sa kantina. "Makikiraan po," sambit niya habang dumaraan sa pagitan ng mga gurong nag-uusap.

Habang namimili ay natapakan ni Lena ang paa ng kanyang kamag-aral. "Naku pasensiya na, hindi ko sinasadya," may pag-aalalang sabi niya.

"Ayos lang, hindi naman ako nasaktan," tugon ng kanyang kamag-aral.

Sabay na bumalik ang magkamag-aral sa silid-aralan. Natapos ang umaga ni Lena na walang naging problema.



## *Suriin*

Isa sa magagandang katangian ng mga Pilipino ang pagiging magalang. Dapat itong ugaliin sa lahat ng oras at pagkakataon. Lahat ng tao ay dapat nating igalang.

Halika ating balikan sa kuwento ang ilang magagalang na pagbati at pananalitang ginamit.

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Sino ang bida sa ating kuwento?
2. Ano ang mga katangian ni Lena?
3. Ano ang sinabi ni Lena nang maapakan niya ang paa ng kanyang kamag-aral?

4. Sa palagay mo, ano ang mararamdaman ng kaklase ni Lena na kanyang naapakan kung hindi siya nanghingi ng paumanhin? Bakit?
5. Ano-ano ang mga magagalang na pananalita ang ginamit sa kuwento?



*Mga Tala para sa Guro*

Basahin ang mga sitwasyon sa mga susunod na gawain. Ipagawa ang mga pagsasanay sa mag-aaral.

# Pagyamanin

## Pinatnubayang Pagsasanay 1

**Panuto**: Makinig sa babasahing sitwasyon. Isulat sa iyong sagutang papel ang angkop na magagalang na pananalita.

1. Isang hapon, pagkagaling sa paaralan ay nakita mo sa labas ng inyong bahay ang iyong ina. Ano ang dapat mong sabihin?

2. Natalisod sa paa mo ang iyong kapatid. Ano ang dapat mong sabihin?


3. Nagpasalamat ang iyong kaibigan sa ibinigay mong regalo. Ano ang dapat mong sabihin?

4. Galing ka sa bahay ng iyong kaibigan, hapon na kaya gusto mong magpaalam sa kanyang ina. Ano ang sasabihin mo?

5. Gusto mong kunin ang aklat sa sala, pero sa kinalalagyan ng aklat ay naroon ang nanay at tita mo na nag-uusap. Ano ang dapat mong sabihin?

## Pinatnubayang Pagtatasa 1


**Panuto**: Kung ikaw ang bata sa larawan, ano ang sasabihin mo sa sumusunod na sitwasyon? Isulat ang letra ng iyong sagot.

1. 


A. Maraming salamat.
B. Pasensiya na, hindi ko sinasadya.

2. 

A. Mano po, magandang gabi po.
B. Mano po, magandang umaga po.

3. 

A. Magandang araw.
B. Makikiraan po.

4. 

A. Aalis na po ako.
B. Patawad po.

5. 

A. Maraming salamat.
B. Pasensiya na po.

## Pinatnubayang Pagsasanay 2

**Panuto**: Basahin ang sitwasyon. Isulat sa sagutang papel ang dapat mong sabihin.

Araw ng Sabado, matapos mong mananghalian ay pumunta ka sa bahay nina Arman para gumawa ng inyong proyekto. Nakasarado ang kanilang pinto subalit naririnig mo rin naman na may tao sa loob. Ano ang iyong sasabihin at gagawin?

| |
|---|
| ______________________________ |
| ______________________________ |
| ______________________________ |
| ______________________________ |

## Pinatnubayang Pagtatasa 2

**Panuto**: Isulat kung **tama** o **mali** ang sinasabi ng bawat bilang.

1. Ugaliing gumamit ng po at opo kapag nakikipag-usap sa nakatatanda sa iyo.
2. Huwag pansinin ang kaibigan mong matagal mong hindi nakita.
3. Bumati ng magandang araw sa iyong guro kung ito ay makakasalubong o makikita mo.
4. Laging magpasalamat sa taong nakagawa ng mabuti sa iyo.
5. Ugaliing manghingi ng paumanhin kung ikaw ay nakasakit.

## Malayang Pagsasanay 1

**Panuto**: Bilugan ang mga salitang nagsasabi ng magagalang na pagbati at pananalita.

Alis!

Aalis na po kami.

Magandang umaga po.

Makikiraan po.

Tumabi ka nga!

## Malayang Pagtatasa 1

**Panuto**: Laygan ng tsek (✓)sa iyong sagutang papel ang bilang kung ang nakasulat ay magalang na pagbati at pananalita at ekis (✗) kung hindi.

_____1. Salamat po.

_____2. Magandang gabi po.

_____3. Manahimik ka nga!


_____4. Kumusta po?

_____5. Walang anuman.


## Malayang Pagsasanay 2

**Panuto**: Ano ang iyong sasabihin sa sumusunod na mga sitwasyon? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Sa inyong paghahabulan ay naitulak mo ang iyong kapatid at siya ay nadapa.




2. Nasalubong mo isang umaga ang inyong punong guro.




3. Kaarawan mo kaya binigyan ka ng regalo ng iyong ina.



4. Nagpasalamat ang iyong kaklase sa pagpapahiram mo sa kanya ng iyong aklat.



5. Isang araw umuwi ang tatay mo galing sa trabaho.



## Malayang Pagtatasa 2

**Panuto**: Ano ang iyong sasabihin sa sumusunod na mga sitwasyon? Piliin ang tamang sagot.

| | |
|---|---|
| * Walang anuman. | * Aalis na po ako. |
| * Magandang tanghali po. | * Kamusta ka na? |
| * Pasensiya na, hindi ko sinasadya. | |

1. Isang tanghali nasalubong mo ang iyong guro sa pamilihan.
2. Nagpasalamat sa iyo ang iyong kapatid dahil sa iniregalo mo sa kanyang laruan.
3. Nagkauntugan kayo ng iyong kaibigan nang sabay ninyong pulutin ang lapis.
4. Paalis ka ng bahay para pumasok sa inyong paaralan.
5. Nagkita kayo ng kaibigan mong matagal mo ng hindi nakikita.



## *Isaisip*

**Panuto**: Isulat ang hinihingi sa bawat bilang.

1. Isulat ang mga magagalang na pananalita at pagbati na iyong natutunan?
2. Gaano kahalaga ang paggamit ng magagalang na pananalita at pagbati?
3. Bakit kailangan tayong gumamit ng maggaalang na pananalita?

## *Isagawa*

**Panuto**: Piliin ang angkop na magagalang na pananalita sa para bawat sitwasyon. Isulat ang letra ng tamang sagot.

1. Isang hapon, nasalubong mo ang nanay ng iyong matalik na kaibigan. Ano ang iyong sasabihin?
   A. Magandang gabi po.
   B. Magandang hapon po.
   C. Magandang tanghali po.
   D. Magandang umaga po.
2. Habang gumagawa kayo ng proyekto ay biglang natapakan mo ang isa sa mga gamit ninyo. Ano ang sasabihin mo sa iyong mga kagrupo?
   A. Maaari bang tumabi ka muna.
   B. Pakitabi mo ang mga gamit.
   C. Pakitapos na agad ang proyekto.
   D. Pasensiya na, hindi ko sinasadya.
3. Mataas ang nakuha mong marka. Bilang regalo, binigyan ka ng bagong damit ng iyong ama at ina. Ano ang sasabihin mo sa kanila?
   A. Ibili po uli ninyo ako.
   B. Maraming salamat po.
   C. Pasensiya na po.
   D. Wow, ang ganda!

4. Isang umaga, nakita mo sa pamilihan ang kapitan ng inyong barangay. Ano ang sasabihin mo?
   A. Magandang gabi po.
   B. Magandang hapon po.
   C. Magandang tanghali po.
   D. Magandang umaga po.
5. Sa simbahan, napulot mo ang nalaglag na panyo ng isang ale. Iniabot mo ito sa kanya at siya ay nagpasalamat sa iyo. Ano ang iyong itutugon?
   A. Magandang umaga po.
   B. Magandang araw po.
   C. Marami pong salamat.
   D. Walang anuman po.



## *Tayahin*

**Panuto**: Piliin ang angkop na magalang na pananalita na dapat gamitin. Isulat ang letra ng tamang sagot.


1. Nakabasag ka ng plato habang naghuhugas. Ano ang sasabihin mo sa iyong nanay?
   A. Magandang hapon po.
   B. Pasensiya na po.
   C. Salamat po.
   D. Walang anuman po.

2. Kaarawan ng iyong kaibigan ngunit kailangan mong umalis dahil kayo ay magsisimba. Ano ang sasabihin mo?
    A. Pasensiya na may lakad kami
    B. Pasensiya na magsisimba kami.
    C. Pasensiya na kailangan ko nang umalis.
    D. Pasensiya na hindi ko sinasadya.
3. Isang gabi, galing ka sa bahay ng iyong lolo at lola, sa iyong pag-uwi ay nakita mo si Aling Maria na inyong kapitbahay. Anong magalang na pagbati ang gagamitin mo?
    A. Magandang gabi po.
    B. Magandang hapon po.
    C. Magandang tanghali po.
    D. Magandang umaga po.
4. Iniabot sa iyo ni Biboy ang lapis mong nahulog. Ano ang sasabihin mo?
    A. Hindi ko sinasadya.
    B. Magandang araw.
    C. Maraming salamat.
    D. Pagpasensiyahan mo na.
5. Naglalaro kayo sa labas ng bahay. Tinawag ka ng nanay mo para kumain. Ano ang sasabihin mo sa iyong mga kalaro?
    A. Aalis ako.
    B. Diyan na kayo.
    C. Paalam.
    D. Salamat.

## Karagdagang Gawain

Panuto: Basahin ang sitwasyon at isulat ang iyong dapat sabihin at gawin.

Oras ng pananghalian, kumakain kayong magkaklase sa loob ng silid-aralan. Tumayo ka upang kumuha ng tubig. Pagbalik mo, papunta sa iyong upuan, natalisod ka at tumapon ang hawak mong tubig sa iyong kamag-aral na kumakain din.



________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

# Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Balikan | Suriin | |
|---|---|---|---|
| 1. D<br>2. D<br>3. A<br>4. D<br>5. D | Magmamano po ako at sasabihing "Magandang gabi po, maligayang kaarawan po." (tanggapin ang sagot na katulad ng kaisipan) | 1. Lena<br>2. masayahin/palakibigan/magalang<br>3. Pasensiya na, hindi ko sinasadya.<br>4. Magagalit po kasi maaaring nasaktan siya.<br>5. Magandang umaga po.<br>Makikiraan po.<br>Pasensiya na, hindi ko sinasadya. | |
| Pagyamanin | | | |
| **Pinatnubayang Pagsasanay 1**<br>1. Magandang hapon po.<br>2. Pasensiya na, hindi ko sinasadya.<br>3. Walang anuman.<br>4. Aalis na po ako.<br>5. Makikiraan po. | **Pinatnubayang Pagtatasa 1**<br>1. A<br>2. A<br>3. B<br>4. A<br>5. A | **Pinatnubayang Pagsasanay 2**<br>Kakatok po at magtatawag, "Tao po, magandang tanghali po." | **Pinatnubayang Pagtatasa 2**<br>1. Tama<br>2. Mali<br>3. Tama<br>4. Tama<br>5. Tama |
| **Malayang Pagsasanay 1**<br>Maganadang umaga po.<br>Makikiraan po.<br>Aalis na po kami. | **Malayang Pagtatasa 1**<br>1. ✓<br>2. ✓<br>3.<br>4. ✓<br>5. ✓ | **Malayang Pagsasanay 2**<br>1. Pasensiya na, hindi ko sinasadya.<br>2. Magandang umaga po.<br>3. Maraming salamat po.<br>4. Walang anuman.<br>5. Magandang gabi po. | **Malayang Pagtatasa 2**<br>1. Magandang tanghali po.<br>2. Walang anuman.<br>3. Pasensiya na, hindi ko sinasadya.<br>4. Aalis na po ako.<br>5. Kamusta ka na? |
| **ISAISIP**<br>1.<br>* Po, opo, ho, oho<br>* Kumusta po.<br>* Makikiraan po.<br>* Walang anuman.<br>* Pasensiya na, hindi ko sinasadya.<br>* Magandang umaga, tanghali, hapon o gabi.<br>* Salamat po o maraming salamat.<br>* Paalam po o aalis na po ako.<br>2. Mahalagang mahalaga po.<br>3. Para po matuwa sa atin ang lahat lao na ang mga nakatatanda po sa atin. Ito ay tanda ng pagiging magalang na isa sa mga magagandang katangian ng bawat tao. | | **Isagawa**<br>1. B<br>2. D<br>3. B<br>4. D<br>5. D<br>**Tayahin**<br>1. B<br>2. B<br>3. A<br>4. C<br>5. C | **Karagdagang Gawain**<br>Pupunasan ko po ang natapon na tubig sa kanya at sasabihing, "Pasensiya na, hindi ko sinasadya." |

# *Sanggunian*

Garcia, Nilda S., Jackelyn F. Aligante, Melany B. Ola, Aida J. Cruz, Erlinda B. Castro, Virginia C. Cruz, Matilde N. Padalla, Galcoso C. Alburo, and Estrella C. Cruz. 2013. *Ang Bagong Pinoy Filipino 2 Kagamitan Ng Mag-aaral*. Pilipinas: Rex Book Store Inc.

Garcia, Nilda S., Jackelyn F. Aligante, Melany B. Ola, Aida J. Cruz, Erlinda B. Castro, Virginia C. Cruz, Matilde N. Padalla, Galcoso C. Alburo, and Estrella C. Cruz. 2013. *Ang Bagong Pinoy Filipino 2 Patnubay ng Guro*. Pilipinas: Rex Book Store Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph